Pangalan ____________________________ Petsa _____________ Marka ______

**Kayarian ng Pangungusap**

Isulat ang titik **P** sa patlang sa loob ng saknong kung ang kayarian ng pangungusap ay **payak** at **T** kung ito ay **tambalan.**

1. Masarap ang ulam na may karneng baboy, pero si Francis ay isang *vegetarian.* (__)
2. Si Lola ay pumunta sa hardin at nagdilig ng mga halaman. (__)
3. Nag-aral nang mabuti si Greg, kaya mataas ang kanyang marka. (__)
4. Ang inahin at mga sisiw ay nagtago sa ilalim ng bahay kubo. (__)
5. Handa nang pumasok si Carol, subalit kinansela ang mga klase. (__)
6. Magaling ang koponan ni Marco sa basketbol, ngunit hindi nila nakuha ang unang gantimpala sa paligsahan. (__)
7. Manonood kami ng sine o kakain kami sa Jollibee sa Linggo.(__)
8. Sina Rachel at Rafael ay ang mga pamangkin nina Rudy at Anna. (__)
9. Si Rachel ay isang nars at si Rafael ay isang arkitekto. (__)
10. Nagmadaling kumain ng almusal at nagbihis si Rolando. (__)
11. Inutusan na maglinis ng sala at kusina ang magkapatid na sina Tina at Sarah. (__)
12. Kinabahan si Sheena sa narinig niyang ingay, ngunit kalmado lang ang katabi niya na si Emerson. (__)
13. Aalis ngayon ang tatay mo, pero babalik din siya bukas. (__)
14. Maghapon kaming nag-ensayo para sa P.E. at lubos kaming napagod. (__)
15. Magbibihis at magpapahinga muna ako nang sandali sa kuwarto. (__)

LIVEWORKSHEETS